

# Maanam-am

hango sa salaysay ni Pedro  
Padyangan

Matatagpuan ang ili ng Maanam-am sa ibabaw ng bundok, sa taas ng Tico. Noong unang panahon, matitikas na mangangaso ang kalalakihan ng Maanam-am. Nagtatabi sila ng mga bungo ng mga baboy-damo na kanilang nahuhuli. Isang araw, isang binata ang nag-isip na magbiro at ipinagsuot niya ang kanyang aso ng ikinuwintas na ulo ng baboy-damo. Naging katawa-tawa ang anyo ng aso. Nagtawanan ang lahat ng makakita nito. Lingid sa kaalaman ng mga taga-Maanam-am, pinapanood ng mga bathala ang lahat ng kilos nila.

Isang araw naman, uminom ang isang bata sa inuman ng baboy. Pinagalitan ang bata ng matatanda. Pinagsabihan siyang huwag nang iinom sa labangan dahil madumi ang tubig doon at para lamang iyon sa mga baboy. Namangha ang lahat nang bigla na lamang nagalit ang tubig at nagsalita, “Kung madumi ako, bakit ninyo ako ipinandidilig sa inyong mga payyiw? Hindi ako madumi. Ako ang nagpapatubo sa inyong mga tanim upang maging masagana ang inyong ani.” Natigilan ang mga taga-Maanam-am.

Nakita ng mga bathala ang kalapastanganan ng mga taga-Maanam-am sa kalikasan. Dahil dito, isinumpa nila ang mga taga-Maanam-am. Gumuho ang mga kuweba at bumagsak ang lupa pababa ng bundok. Natabunan ang mga taga-Maanam-am, at kaunti lamang ang nakaligtas. Ang mga nakaligtas sa sakuna ay lumipat sa Tabra upang doon na manirahan. Sa paglakad ng panahon, sinamahan na rin sila ng mga taong galing sa Masiki.

Marami sa bumagsak na lupa ng Maanam-am ang natambak sa Tamkang, sa paanan ng bundok. Ayon sa

mga matatanda, ang pagguho ng Maanam-am ang dahilan kung bakit magkatulad ang lupa sa Maanam-am na nasa ibabaw ng bundok, at sa Tamkang na nasa paanan naman.